Mensahe Lima

# Pagtatamasa kay Kristo bilang Realidad ng Bagong Tipang Jubileo

Babasahin sa Kasulatan: Lev. 25:8-17; Isa. 61:1-3; Luc. 4:16-22; Gawa 26:16-19

**I. Ang taon ng jubileo sa Levitico 25:8-17 ay itinala bilang isang propesiya sa Isaias 61:1-3 at natupad sa realidad sa Lucas 4:16-22:**

A. Sa taon ng jubileo ay may dalawang pangunahing pagpapala: ang pagbabalik ng bawat tao sa kanyang nawalang pag-aari at ang paglaya sa pagkaalipin—Lev. 25:8-17:

1. Bawat tao sa taon ng jubileo na ipinagbili ang kanyang pag-aari, ang kanyang nakalaang bahagi ng mabuting lupain, ay ibinalik rito nang hindi nagbabayad ng anuman upang tubusin ito (bb. 10, 13, 28), at bawat taong ipinagbili ang kanyang sarili sa pagkaalipin ay muling natamo ang kanyang kalayaan at bumalik sa kanyang pamilya (bb. 39-41).
2. Ang pagbalik sa pag-aari ng isang tao at pagiging napalaya at pagbalik sa pamilya ng isang tao ay nangangahulugan na sa Bagong Tipang jubileo ay bumalik sa Diyos ang mga mananampalataya bilang kanilang naiwalang dibinong pag-aari, napalaya sa lahat ng panggagapos, at nakabalik na sa ekklesia bilang kanilang dibinong pamilya—Efe. 1:13-14; Juan 8:32, 36; cf. Awit 68:5-6.

B. Ang jubileo sa Lumang Tipang sagisag ay tumatagal ng isang taon, subalit sa katuparan ay tumutukoy ito sa buong Bagong Tipang kapanahunan, ang kapanahunan ng biyaya, bilang panahon kung kailan tinatanggap ng Diyos ang mga bumalik na bihag ng kasalanan (Isa. 49:8; Luc. 15:17-24; 2 Cor. 6:2) at kung kailan tinatamasa ng mga inaapi sa ilalim ng panggagapos ng kasalanan ang pagpapalaya ng pagliligtas ng Diyos (Roma 7:14—8:2).

C. Ang pagtatamasa ng mga mananampalataya sa jubileo sa kapanahunan ng biyaya (kanilang pagtatamasa kay Kristo bilang biyaya ng Diyos sa kanila) ay magreresulta sa ganap na pagtatamasa sa jubileo sa milenyum at sa pinakaganap na pagtatamasa sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa—Juan 1:16-17; Roma 5:17; Fil. 3:14; Apoc. 22:1-2a.

**II. Ang taon ng jubileo ay ang kapanahunan ni Kristo bilang biyaya na ipinamahagi tungo sa atin para sa ating pagtatamasa sa pamamagitan ng Kanyang mga salita ng biyaya; ang Bagong Tipang jubileo ay isang kapanahunan ng masidhing kagalakan para sa ating kaligtasan—Luc. 4:22; Awit 45:2; Juan 1:14-17; 2 Cor. 6:2:**

A. Ang Bagong Tipang kapanahunan ay isang kapanahunan ng masidhing kagalakan, at ang isang Kristiyano ay isang taong may masidhing kagalakan; kung hindi pa tayo nagkaroon ng masidhing kagalakan sa harap ng Diyos, ipinakikita nito na wala tayong sapat na pagtatamasa sa Diyos—5:13; Gawa 11:5; 22:17; Awit 43:4a; 51:12; 1 Ped. 1:8; Isa. 12:3-6.

B. Ang *jubileo* ay nangangahulugang hindi pagkakaroon ng pag-aalala o pagkabalisa, walang pakialam o pagpapahalaga, walang kakulangan o kakapusan, walang sakit o kalamidad, at walang anumang mga suliranin kundi, sa halip, tinataglay ang lahat ng pakinabang; kaya, ang lahat ng bagay ay kalugod-lugod at kasiya-siya sa ating puso, at tayo ay malaya sa kabalisahan, payapa, tuwang-tuwa, at masidhi ang kagalakan—Awit 103:1-5; 116:1-7, 12-13, 17-19.

C. Kailangan nating tanggapin ang Panginoong Hesus bilang totoong jubileo sa loob natin; kung taglay natin Siya, taglay natin ang Diyos bilang ating pag-aari at maaari *tayong* iligtas mula sa pagkagapos ng kasalanan at kay Satanas upang magkaroon ng totoong kalayaan at kapahingahan—Gawa 26:18; Efe. 1:13-14; Col. 1:12; Mat. 11:28; Juan 8:32, 36:

1. Kapag tinanggap natin si Kristo bilang ating Tagapagligtas at buhay, pumapasok Siya sa atin upang maging ating jubileo, subalit malibang hayaan natin Siyang mabuhay sa loob natin at malibang mabuhay tayo sa pamamagitan Niya, hindi tayo praktikal na namumuhay sa jubileo—bb. 11-12.

2. Kung ang ating puso ay nakatuon sa sinumang tao, bagay, o pangyayari maliban sa Panginoon, ito ay idolatriya, at ang katapusan ay pagkaaba—1 Juan 5:21; cf. Ezek. 14:3, 5; 6:9.
3. Kung hahayaan natin si Kristo na mabuhay sa loob natin at mabuhay tayo sa pamamagitan Niya, lahat ng bagay ay sa ating kasiyahan; kung hindi, ang lahat ng bagay ay suliranin, at walang bagay na jubileo.

D. Lahat ng bagay ay maaaring maging kasiya-siya sa atin pagkatapos lamang nating matamo ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ating katamasahan; hindi ito mga panlabas na tao, mga pangyayari, o mga bagay kundi si Kristo sa loob natin na nagbibigay-kakayahan sa ating maging kalmado at malaya sa pag-aalala habang hinaharap natin ang lahat ng uri ng sitwasyon—Fil. 3:8-9; 4:5-8, 11-13.

**III. Pinamamahalaan ng pagpoproklama ng jubileo sa Lucas 4 ang sentrong kaisipan ng buong Ebanghelyo ni Lucas, at ang mga parabula ng mabuting Samaritano sa Lucas 10 at ng alibughang anak sa Lucas 15 ay mga ekselenteng paglalarawan ng jubileo:**

A. Ang Tao-Tagapagligtas na inilahad sa parabula ng mabuting Samaritano ay sumasagisag sa kahayagan ng Kanyang mga dibinong katangian kalakip ang Kanyang mga pantaong kagalingan—10:25-37:

1. Ang Tao-Tagapagligtas, sa Kanyang naghahanap sa nawawala at nagliligtas sa makasalanang ministeryong paglalakbay (19:10), ay bumaba sa lugar kung saan ang sugatang biktima ng mga maka-Hudyong magnanakaw ay nakahiga sa kanyang kalunos-lunos at naghihingalong kondisyon.
2. Nang makita siya ng Tao-Tagapagligtas, sa Kanyang pagkatao kalakip ang Kanyang pagkadibino ay nahahabag Siya at binigyan siya ng magiliw na pagpapagaling at nagliligtas na pangangalaga, tinutugunan nang ganap ang kanyang matinding pangangailangan—10:33-35.

B. Ipinakikita ng Tao-Tagapagligtas na inilahad sa parabula ng alibughang anak ang Kanyang nagpapastol, naghahanap, at nagliligtas na Espiritu kasama ang mapagmahal, mapagpatawad, at mahabaging puso ng Ama—15:11-32; cf. 9:55-56:

1. Isang araw ay bumalik ang alibughang anak sa kanyang pag-aari at sa bahay ng kanyang ama; iyon ay isang jubileo, isang paglaya, at ang lahat ng bagay ay naging kalugod-lugod at kasiya-siya—15:20, 24; cf. Lev. 25:10-12.
2. Ang maligtas ay ang bumalik sa ating mana, bumalik sa Diyos, manumbalik sa Diyos at tamasahin Siya nang panibago bilang ating pag-aari (Efe. 1:13-14); ang maligtas ay ang matamo ang Diyos; kapag taglay natin ang Diyos, taglay natin ang lahat ng bagay; kung walang Diyos, wala tayong anuman (Col. 1:12).
3. Ang Diyos ay naging ating pinagpalang bahagi sa loob ni Kristo, subalit maraming Kristiyano ang hindi masaya at katulad ng mga ilaw na hindi nagliliwanag, dahil hindi nila "binubuksan ang swits" sa pamamagitan ng pagkuha sa Diyos bilang kanilang bahagi—Efe. 4:18; Fil. 2:12-16.
4. Ang pagtanggap ng ama sa anak at ang pagbalik ng anak sa kanyang ama at sa bahay ng kanyang ama ay ang taon ng jubileo sa anak, ang taon ng biyaya—Luc. 15:20.
5. Ang Diyos sa loob ni Kristo ay naging pinatabang guya para sa pagtatamasa ng mga nagsisisi at nagbalik na alibughang anak—b. 23.
6. Tumutugma ito sa Levitico 25:11-12, na nagsasabing ang mga tao ay hindi maghahasik ni mag-aani sa taon ng jubileo kundi kakain lamang at magtatamasa; sa sandaling magsisi tayo at bumalik sa Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap sa Panginoong Hesus, matatamo natin ang Diyos sa loob, at ito ang simula ng ating jubileo.

7. Hindi tayo ang mga bayarang lingkod ng Ama kundi Kanyang mga nagtatamasang anak, at maaari nating patuloy na matamasa ang Diyos bilang ating pag-aari mula ngayon hanggang sa kawalang-hanggan.

**IV. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang realidad ng mga kalayaan at mga pagpapala ng Bagong Tipang jubileo—Luc. 4:18-19:**

A. Upang matamasa natin si Kristo bilang realidad ng jubileo, kailangan tayong gumugol ng oras kasama ang Panginoon araw kada araw upang makinig sa Kanyang salita at malalinan Niya; kailangan tayong sumunod sa tularan ni Maria, na nakaupo sa paanan ng Panginoon at nakikinig sa Kanyang salita—10:39:

1. Siya ay nasa paanan ng *Panginoong Hesus* at hindi sa paanan ng sinupaman; siya ay dumudulog sa Panginoon; walang pamamaraan na mas mainam kaysa sa paglapit sa Kanya sandali kada sandali, iniibig Siya, sinasamba Siya, walang patid na nakikipagsalamuha sa Kanya, at nananatili sa Kanyang presensiya.
2. Siya ay naupo *sa paanan* ng Panginoon, nangangahulugan na inilagay niya ang kanyang sarili sa isang mababang posisyon upang tanggapin ang Panginoon bilang biyaya (1 Ped. 5:5); ang kapakumbabaan ay hindi pagmamaliit sa sarili; ang kapakumbabaan ay pagwawalang-bahala sa sarili, pagtatanggi sa sarili, at pagtuturing sa sarili na walang anuman.
3. Siya ay *nakaupo;* ang pagiging tahimik sa harap ng Panginoon ay madalas na pinagmumulan ng espiritwal na kalakasan (Isa. 30:15a); ang mga mata at mga pag-iisip ng tao ay madalas na nagagambala sa sanlibutan sa labas; ang mga abalang may pagala-galang kaisipan at pabago-bagong pag-iisip ay hindi madaling makatanggap ng pahayag.
4. Siya ay *nakikinig sa salita ng Panginoon;* ang mga salita na sinasalita ng Panginon ay espiritu at buhay (Juan 6:63) upang maipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa tao; ang pakikinig niya sa salita ng Panginoon ang nagbigay sa Panginoon ng pagkakataon na ipaalam ang Kanyang sarili sa kanya nang sa gayon ay patuloy niyang matanggap ang Panginoon at matamo Siya.

B. Ang kaligtasan ng Diyos ang nagsasanhi sa atin na magkaroon ng totoong kalayaan; ang ating pag-aari ay ang Diyos, at ang ating kalayaan ay nagmumula sa ating pagtatamasa sa Diyos; kung hindi tinatamasa ng tao ang Diyos, hindi siya magkakaroon ng totoong kalayaan; ang kalayaan ay nangangahulugang pagpapalaya, ang mapalaya sa lahat ng pagkagapos, sa lahat ng mabigat na pasanin, sa lahat ng pang-aapi, at sa lahat ng pagkaalipin—8:32, 36; Gal. 5:1; 2 Cor. 3:17.

C. Una, binihag tayo ni Satanas; pagkatapos ay dumating siya upang manirahan sa loob natin bilang tagabuyo, tagasulsol, ng ating mga kasalanan; ang resulta ay yaong siya ang naging ating ilegal na panginoon, at tayo ay naging kanyang mga bihag hanggang sa hindi na tayo makagawa ng mabuti at nakagagawa na lamang ng kasalanan—Roma 7:14; 1 Juan 5:19:

1. Kung walang Diyos ang isang tao, anuman ang subukan niyang tamasahin hiwalay sa Diyos ay pagkain ng aso, sukal, at dumi—Fil. 3:7-9; cf. 2 Ped. 2:22.
2. Si Satanas ay tinawag na Beelzebul, na nangangahulugang "panginoon ng mga bunton ng dumi," mula sa *Beelzebub*, na nangangahulugang "panginoon ng mga langaw", dalubhasa si Satanas sa pangunguna sa mga makasalanang tulad ng mga langaw na kumain ng dumi—Mat. 10:25; 12:24, 27; 2 Hari 1:2.
3. Bagama't walang sinumang nagnanais na magkasala sa kaibuturan ng kanyang puso, kalaunan ang lahat ay nagkakasala; walang sinumang may kontrol sa kanyang sarili, at ang lahat ng tao ay naging alipin ng kasalanan—Roma 7:18-23; Juan 8:34.

D. Ang desperadong pagsigaw ni Pablo sa Roma 7:24 ay sinagot sa Roma 8:2, na nagsasabing ang kautusan ng Espiritu ng buhay ang nagpapalaya sa atin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

E. Mapalalaya lamang tayo at magkaroon ng totoong kalayaan sa pamamagitan ng pagtatamasa kay Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay; tanging yaong mga nagtatamasa sa Diyos ang hindi gumagawa ng kasalanan at tunay na malaya, namumuhay ng isang buhay na may kalayaan, napawalan at nakalag mula sa pagkagapos—Juan 8:11-12, 24, 28, 31-36:
   1. Pinalalaya tayo ng kautusan ng Espiritu ng buhay mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan; ang kautusang ito ay ang Panginoon Mismo, na dumaan sa kamatayan at pagkabuhay na muli upang maging Espiritung nagbibigay-buhay—Roma 8:2.
   2. Kung hindi natin tinatamasa nang sapat ang Panginoon, mananatili pa rin tayo sa pagkagapos sa maraming bagay; ang magpasya ay hindi gagana; kailangan tayong patuloy na lumapit sa Panginoon upang kainin at tamasahin Siya—1 Cor. 1:9; Apoc. 2:7; Isa. 55:1-2.
   3. Pinalalaya tayo ni Kristo bilang ating jubileo mula sa ating kahirapan, pagkabihag, pagkabulag, at pagkaapi—Ecl. 1:2, 14; 3:11; Fil. 3:8; 2 Ped. 2:22; Luc. 12:21; Apoc. 3:17.

F. Ang pamumuhay ng jubileo ay isang pamumuhay na nasa pagtatamasa kay Kristo, isang pamumuhay ng pagtatamasa sa Diyos bilang ating mana at totoong kalayaan—Gawa 26:18; Juan 8:36:
   1. Ang pamumuhay ng jubileo ay isang buhay kung saan kinukuha natin ang Diyos Mismo, si Kristo Mismo, sa bawat sitwasyon; pagkatapos ay nagiging pangunahing salik at sentro Siya sa loob natin upang pangibabawan ang lahat ng kaguluhan sa pantaong buhay—6:16-21; Col. 1:17b, 18b; Fil. 4:6-7, 11-12.
   2. Dahil ang lahat ng bagay ay nasa ilalim ng Kanyang pagkasoberano, dapat tayong manalangin, “Panginoon, punuan Mo ako, tamuhin Mo ako, at angkinin Mo ako; anuman ang aking panlabas na sitwasyon, nais ko lamang na tamasahin Ka”; kailangan tayong maging mga kasalukuyang tagapaghain at mga saksi sa pamamagitan ng pamumuhay at pagpoproklama ng ebanghelyo—si Kristo bilang jubileo ng biyaya—para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Gawa 26:16-19.

© 2024 Living Stream Ministry